

Ligtas at Mabisa ang Mga Bakuna para sa COVID-19

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang mga Benepisyo ng Pagbabakuna Kaysa sa Mga Panganib



Sino ang kwalipikadong mabakunahan/mabigyan ng booster?

Ang lahat ng nasa edad na 6 na buwan at mas matanda ay dapat makatanggap ng pangunahing serye ng bakuna para sa COVID-19. Kasama sa pangunahing serye ang karagdagang dosis para sa mga taong humina ang resistensya (immunocompromised).

Lahat ng 5 taong gulang at mas matanda na nakumpleto ang kanilang pangunahing serye ng bakuna O nakatanggap ng nakaraang booster dose nang hindi bababa sa nakalipas na 2 buwan ay dapat makakuha ng “pinakabago (updated)” na booster ng Pfizer o Moderna. Ang mga pinakabagong booster ay binigyan ng pahintulot ng FDA noong Agosto 2022 at maaaring magbigay ng mas mahusay na proteksyon laban sa mga kasalukuyang variant (uri). Ang mga 5 taon at mas matanda ay hindi na kwalipikadong makakuha ng mga “orihinal” booster.

Ang iba't ibang grupo ng edad ay nakakakuha ng iba't ibang mga dosis depende sa kung anong dosis ang pinag-aralan sa bawat clinical trial. Ang mas bata ay nakakakuha ng mas mababang dosis kaysa sa mas matandang bata at kabataan.

Ang monovalent na bakuna para sa COVID-19 ng Novavax ay awtorisado bilang booster dose para sa mga edad na 18+, pero ang mga pinakabago (updated) na booster ng Pfizer at Moderna ay ang inirerekomendang mga pinipiling booster para sa lahat ng tao na maaaring makatanggap ng mga bakunang ito.

Para sa higit pang impormasyon tungkol mga booster dose, pakitingnan ang [Iskedyul ng Bakuna para sa COVID-19](#).

Ligtas at mabisa ba ang mga bakuna para sa COVID-19?

Oo. Ang mga bakuna ng [Pfizer](#), [Moderna](#), at [Novavax](#) para sa COVID-19 ay lubhang mabisa sa pag-iwas sa malubhang sakit, pagkakaospital, at pagkamatay mula sa COVID-19.

Ang FDA ay nagbigay ng kumpletong pag-apruba para sa bakuna ng Pfizer para sa COVID-19 para sa mga taong may edad na 12 at mahigit pa. Ang Pfizer ay mayroong Pahintulot para sa Pang-emergency na Paggamit (Emergency Use Authorization, EUA) mula sa FDA para gamitin sa mga bata at kabataan na may edad na 6 na buwan hanggang 11 taon. Inaprubahan ang bakuna ng Moderna para sa mga taong 18 at mas matanda at pinahintulutan para sa mga bata at kabataan na may edad na 6 na buwan hanggang 17 taon. Pinahintulutan ng FDA ang Novavax para sa mga taong 12 at mas matanda.

Ang bakuna ng Johnson & Johnson ([J&J](#)) para sa COVID-19 ay mayroong EUA para sa mga taong 18 at mas matanda. Sa karamihan ng sitwasyon, inirerekomenda ang mga bakuna ng Pfizer, Moderna, o Novavax kaysa sa bakuna ng J&J para sa pagbabakuna ng pangunahin at booster. Ito ay dahil sa panganib ng malubhang mga hindi magandang pangyayari, tulad ng bihirang uri ng pamumuo ng dugo.

Ano ang mga posibleng hindi magandang epekto (side effects) mula sa mga bakuna para sa COVID-19?

Ang ilan sa mga tao ay nakaranas ng mga side effect tulad ng pansamantalang pananakit, pamumula o pamamaga sa braso kung saan nakatanggap ng bakuna, lagnat, giniginaw, pagkapagod, pananakit ng kalamnan, naduduwal, at/o sakit ng ulo. Kasama sa mga side effect sa mga sanggol at mas bata pa ang pagiging irritable, pag-iyak, pagiging antukin, at walang ganang kumain. Normal ang mga side effect na ito para sa anumang bakuna at inaasahan ang mga ito habang bumubuo ang katawan ng mga selula para dumipensa laban sa COVID-19.

Ligtas at Mabisa ang Mga Bakuna para sa COVID-19

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang mga Benepisyong Pagbabakuna Kaysa sa Mga Panganib



Gaano katagal ang dapat kong hintayin para makuha ang aking pangalawang dosis ng Pfizer, Moderna, o Novavax?

Ang inirerekomendang panahon sa pagitan ng ika-1 at ika-2 dosis ay 3 linggo (21 araw) para sa Pfizer at Novavax at 4 na linggo (28 araw) para sa Moderna para sa lahat ng tao na:

- Humina ang resistensya (immunocompromised) nang katamtaman hanggang sa malubha, o
- May edad na 65 at mas matanda, o
- Kailangan ng mabilis na proteksyon dahil sa mga alalahanin tungkol sa pagkaka-expose sa COVID-19 o panganib ng malubhang sakit.

Binago kamakailan ng CDC ang mga rekomendasyon nito para maghintay ng hanggang 8 linggo sa pagitan ng mga dosis ng Pfizer, Moderna, o Novavax para sa iba pang mga tao, tulad ng mga lalaki na may edad na 12 hanggang 39 na taon dahil sa kaunting panganib ng myocarditis pagkatapos matanggap ang mga bakunang ito. Ang mas mahabang pagitan ng mga dosis ay maaari ring dagdagan ang bisa ng bakuna. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay (provider) ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung kailan ka dapat kumuha ng iyong pangalawang dosis. Ang pangkalahatang ideya ng mga rekomendasyon sa pagbabakuna para sa COVID-19 ay makikita sa [Iskedyul ng Bakuna para sa COVID-19](#).

Maaari ba akong makakuha ng booster dose kung ang aking pangunahing serye ng bakuna ay hindi awtorisado sa Estados Unidos?

Ang mga taong 5 taon at mas matanda na kumpletong nabakunahan (fully vaccinated) ng bakuna na awtorisado ng WHO (tulad ng Astra Zeneca) o bilang bahagi ng clinical trial ay maaaring makakuha ng booster dose pagkatapos matapos ang kanilang pangunahing serye.

Kung kailangan ko ng booster dose, ibig sabihin ba nito hindi gumagana ang mga bakuna?

Ang [mga bakuna para sa COVID-19 ay gumagana nang mabuti](#) para maiwasan ang malubhang sakit, pagkakaospital, at pagkamatay dahil sa COVID-19. Gayunpaman, mayroong nabawasang proteksyon sa katagalan, lalo na sa mga populasyon tulad ng mas matandang nasa hustong gulang at ang mga may mga umiiral nang medikal na kondisyon, laban sa hindi malubha at katamtaman na sakit. **Tiyaking manatiling may nalalaman sa pamamagitan ng pagkuha ng booster dose kapag naging kwalipikado ka!**

Ano ang “pinakabago (updated)” na mga booster?

Ang “orihinal” na mga booster ay tina-target ang orihinal na uri (variant) ng COVID-19. Ang “pinakabago (updated)” na mga booster ay tina-target ang orihinal na variant AT ang Omicron na mga variant na nagdudulot ng pinakabagong mga kaso. Ang mga pinakabagong booster ay binigyan ng pahintulot ng FDA para subukang magbigay ng mas mahusay na proteksyon laban sa mga kasalukuyang variant. Ang pinakabagong booster ng Pfizer ay makukuha ng mga 5 taon at mas matanda at ang pinakabagong booster ng Moderna ay makukuha ng mga 6 na taon at mas matanda.


Ligtas ba ang mga bakuna para sa COVID-19 para sa mga taong buntis at/o nagpapasuso?

Oo. Makakatulong ang bakuna para sa COVID-19 para magbigay ng proteksyon laban sa malubhang sakit para sa mga taong buntis at/o nagpapasuso, sinusubukang mabuntis, o maaaring mabuntis sa hinaharap. Dahil sa mga pagbabago sa katawan mula sa pagbubuntis, ang mga buntis at kamakailang buntis na tao ay mas malamang na magkasakit nang malubha sa COVID-19 kumpara sa mga hindi buntis na tao.

Para sa higit pang impormasyon, pakitingnan ang [Mga Bakuna para sa COVID-19 Habang Buntis o Nagpapasuso \(CDC\)](#).

Ligtas at Mabisa ang Mga Bakuna para sa COVID-19

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang mga Benepisyong Pagbabakuna Kaysa sa Mga Panganib



Kung ang mga bata at kabataan ay mas mababa ang panganib sa malubhang impeksyon ng COVID-19, bakit nila kailangang makakuha ng bakuna?

Inirerekomenda ng CDC at ng American Academy of Pediatrics na magpabakuna laban sa COVID-19 ang lahat ng kwalipikadong bata. Bagaman mas mababa ang panganib ng mga bata at kabataan na magkasakit nang malubha sa COVID-19 kumpara sa mga nasa hustong gulang, maaari silang:

- Magkasakit nang malubha mula sa COVID-19, kasama ang pangangailangan na maospital. Ang mga batang may [mga umiiral nang medikal na kondisyon](#) ay nasa mas mataas na panganib para sa malubhang sakit, pero isang-ikatlo ng mga bata at teenager na naospital ay WALANG umiiral na mga medikal na kondisyon
- Magkaroon ng mga malubhang komplikasyon tulad ng [multisystem inflammatory syndrome \(MIS-C\)](#)—isang kondisyon kung saan namamaga ang iba't ibang mga bahagi ng katawan, kabilang ang puso, baga, kidney, utak, balat, mga mata o mga bahagi ng tiyan.
- Magkaroon ng [mga kondisyon pagkatapos magkaroon ng COVID](#), tinatawag na “mahabang COVID”.
- Maihawa sa iba ang COVID-19, kasama ang mga mahinang miyembro ng kanilang pamilya.
- Hindi makapasok sa paaralan, hindi makadalo sa sports, mga extracurricular na aktibidad at iba pang mga mahalagang kaganapan kung magkakasakit sila.

Nagkaroon ako ng COVID-19. Kailangan ko pa rin ba ng bakuna?

Oo. Maaaring mahawaan ng COVID-19 ang mga tao nang mahigit sa isang beses. Inirerekomenda ng CDC na ang lahat ng may edad na 6 na buwan at mas matanda ay kumuha ng bakuna, kahit na nagkaroon na sila ng COVID-19. Hindi namin alam kung gaano katagal nananatiling protektado ang isang tao laban sa pagkakasakit muli pagkatapos gumaling sa virus. Hindi masasabi sa amin ng mga kasalukuyang pagsusuri ng antibody kung protektado ang isang tao mula sa pagkakaroon muli ng sakit dahil sa COVID-19. Hindi rin namin alam kung ang kaligtasan sa sakit (immunity) na nabuo laban sa strain ay magbibigay ng sapat na proteksyon laban sa mga bagong variant.

Bihira ang mga malubhang hindi magandang pangyayari pagkatapos ng pagbabakuna para sa COVID-19.

Natukoy ng FDA na ang mga benepisyong mga bakuna ay higit na mas marami kaysa sa mga panganib. Ang panganib ng malubhang sakit, pagkakaospital o pagkamatay mula sa COVID-19 sa mga taong hindi nabakunahan/hindi nabigyan ng booster ay higit na mas mataas kaysa sa anumang panganib ng mga side effect mula mismo sa mga bakuna para sa COVID-19. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Mga FAQ Tungkol sa Pagbabakuna para sa COVID-19 \(CDC\)](#).

Ligtas at Mabisa ang Mga Bakuna para sa COVID-19

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang mga Benepisyong Pagbabakuna Kaysa sa Mga Panganib



Dapat magpaggamot ka kaagad kung mayroon ka ng alinman sa mga sintomas na inilarawan sa ibaba pagkatapos mabakunahan:

Bihira pero malubhang uri ng pamumuo ng dugo, ang [Thrombosis with Thrombocytopenia Syndrome \(TTS\)](#), ay nangyari sa kaunting tao na nakatanggap ng bakuna ng J&J. Kasama sa mga sintomas ang kapos na paghinga; pananakit ng dibdib; pamamaga ng binti, patuloy na pananakit ng tiyan, malubhang mga sakit ng ulo o malabong paningin; madaling magpasa o may mga maliliit na spot ng dugo sa ilalim ng balat na lampas sa lugar kung saan binakunahan. Walang nakitang tumaas na panganib ng TTS sa mga bakuna ng Pfizer, Moderna o Novavax, kaya ngayon inirerekomenda ng CDC na gamitin ang mga bakuna ng Pfizer, Moderna o Novavax sa lahat ng kwalipikadong tao kung maaari, kasama ang mga booster dose.

Nagkaroon din ng mga bihirang pangyayari ng [Guillain-Barré Syndrome \(GBS\)](#) sa kaunting tao na nakatanggap ng bakuna ng J&J. Ang GBS ay bihirang sakit sa nervous system na maaaring magdulot ng panghihina ng kalamnan, o sa karamihan ng mga malubhang kaso, ay pagkaparalisa. Karaniwang nagsisimula ang mga sintomas sa loob ng 1-2 linggo pagkatapos mabakunahan pero maaari ring mangyari nang mas lampas pa rito. **Kasama sa mga sintomas ang panghihina o panginigimay, lalo na sa mga binti o braso, na maaaring lumubha at kumalat sa iba't ibang mga bahagi ng katawan.**

May mga kaso ng myocarditis (pamamaga ng puso) at pericarditis (pamamaga ng sac sa paligid ng puso) sa kabataan pagkatapos makakuha ng bakunang mRNA o Novavax. Ang mga ito ay pinakamadalas sa mga lalaking teenager at batang nasa hustong gulang sa loob ng ilang araw pagkatapos makuha ang pangalawang dosis ng bakuna. Kasama sa mga sintomas ang pananakit ng dibdib, kapos na paghinga; o pakiramdam ng mabilis at pumipintig o malakas na pagtibok ng puso. Karamihan sa kabataan na nakatanggap ng pangangalaga ay tumugon nang mabuti sa gamot at nagpahinga at mabilis na bumuti ang pakiramdam.

Mas bihira ang myocarditis at pericarditis pagkatapos makuha ang booster dose. [Inirerekomenda pa rin](#) ng CDC at ng American Academy of Pediatrics at ng iba pa na magpabakuna ang sinumang 6 na buwan at mas matanda dahil higit na mas marami ang mga benepisyong kaysa sa mga panganib.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Myocarditis at Pericarditis Kasunod ng Pagbabakuna ng mRNA para sa COVID-19 \(CDC\)](#).

Sino ang kailangan ng karagdagang dosis bilang bahagi ng kanilang pangunahing serye ng bakuna?

Para makuha ang kumpletong benepisyong pagbabakuna, inirerekomenda ng CDC na ang mga taong humina ang resistensya (immunocompromised) [nang katamtaman hanggang sa malubha](#) ay dapat tumanggap ng karagdagang dosis ng bakunang mRNA sa loob ng hindi bababa sa 28 araw **pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis ng bakuna ng Pfizer o Moderna** o 28 araw **pagkatapos ng kanilang unang dosis ng J & J**. Hindi inirerekomenda ang karagdagang dosis ng Novavax.

Kasama sa rekomendasyon ang mga bata na may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon na natakangap ng pangunahing serye ng Moderna at mga taong may edad na 5 at mas matanda na nakumpleto ang pangunahing serye ng Pfizer, Moderna o J&J NA MGA:

- Nakatanggap ng aktibong paggamot sa kanser para sa mga tumor o kanser ng dugo
- Nakatanggap ng organ transplant at umiinom ng gamot para mapahina ang resistensya (immune system)
- Nakatanggap ng stem cell transplant sa loob ng nakalipas na 2 taon o umiinom ng gamot para mapahina ang resistensya (immune system)
- Pangunahing paghina ng resistensya nang katamtaman o malubha (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- Pangunahing paghina ng resistensya nang katamtaman o malubha (tulad ng DiGeorge syndrome, Wiskott-Aldrich syndrome)
- Mas malubha (advanced) o hindi nagamot na impeksyon ng HIV
- Aktibong paggamot gamit ang corticosteroid na mataas ang dosis o iba pang mga gamot na maaaring magpahina ng pagtugon ng iyong resistensya

Dapat kausapin ng mga tao ang kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kanilang medikal na kondisyon, at kung naaangkop ba sa kanilang kumuha ng karagdagang dosis.

Ligtas at Mabisa ang Mga Bakuna para sa COVID-19

Malinaw ang Agham: Mas Marami ang mga Benepisyong Pagbabakuna Kaysa sa Mga Panganib



Paano nabuo ang mga bakuna nang napakabilis?

Bagaman ang virus na nagdudulot ng COVID-19 (SARS-CoV-2) ay nakita lang noong Disyembre 2019, ang mga siyentipiko sa buong mundo ay gumagawa na ng mga bakuna para sa mga mahigpit na magkakaugnay na virus mula pa noong 2007. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang [Pagbuo ng Mga Bakuna para sa COVID-19](#).

Maaari ba akong makakuha ng booster dose na iba sa aking unang bakuna para sa COVID-19?

Ang ilang tao ay maaaring mas gustong makakuha ng booster dose na pareho sa uri ng bakuna na una nilang natanggap. Ang ibang tao ay maaaring mas gustong makakuha ng booster dose na iba sa uri ng kanilang unang bakuna.

Dahil sa panganib ng bihira (pero malubhang) side effect ng bakuna ng J&J, [inirerekomenda ng CDC](#) na ang mga indibiduwal na nakatanggap ng bakuna ng J&J ay makatanggap ng booster dose na mRNA (Pfizer o Moderna).

Maituturing pa rin ba akong “ganap na nabakunahan (fully vaccinated)” kung hindi ako kukuha ng booster dose?

Oo. Sa ngayon, ang lahat ay itinuturing na fully vaccinated dalawang linggo pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis sa dalawang dosis na serye, tulad ng mga bakuna ng Pfizer, Moderna o Novavax, o dalawang linggo pagkatapos ng isang dosis na bakuna, tulad ng bakuna ng J&J. Gayunpaman, ang pagiging fully vaccinated **AT** nabigyan ng booster ay nananatiling pinakamahusay na paraan para protektahan ang sarili mula sa malubhang sakit, pagkakaospital at pagkamatay dahil sa COVID-19, at para bawasan ang pagkalat ng virus.

Saan ako makakakuha ng bakuna o booster para sa COVID-19?

Maraming lugar para makatanggap ng libreng bakuna o booster dose para sa COVID-19. Wala sa mga Klinikang Nagbabakuna sa Komunidad ng Alameda County ang manghihingi ng I.D., insurance, o appointment.

Para sa kumpletong listahan ng mga lugar para sa bakuna na malapit sa iyo, tingnan ang [Availability ng Bakuna sa Alameda County](#) o bisitahin ang <https://linktr.ee/AlamedaCountyOHE>.

Para sa tulong sa pag-iiskedyul ng appointment para sa libreng bakuna, tumawag sa: 510-268-2101.



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

Colleen Chawla – Agency Director

Kimi Watkins-Tartt – Director

Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact

Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org